Hubugin ang kinabukasan para sa iyong pamilya.

Kada 10 taon, binibilang senso ang lahat ng naninirahan sa Estados Unidos. Mahalagang bilangin ang bawat taong naninirahan sa iyong tahanan upang tiyakin na tumpak na pinopondohan at kinakatawan ang iyong komunidad at ang iba pa sa buong bansa sa susunod na dekada.

Bilangin ang lahat, mula kay lolo hanggang sa bagong sanggol.

Sinuman ang naninirahan sa iyong tahanan, tiyaking bilangin silang lahat sa Senso 2020. Kasama rito ang mga lolo at lola, bata, foster na bata, at mga hindi kamag-anak na kasama mong naninirahan. Tutukuyin ng impormasyong nakolekta sa senso ang pagbabahagi ng higit sa $675 bilyon sa pederal na pagpopondo kada taon. Kasama rito ang pera para sa mga bagay na tulad ng:

- Mga first responder
- Mga Pagkain sa Paaralan
- Medicare at Medicaid
- Tulong sa pag-aampon
- Mga programa sa tulong sa pagkain
- Mga Library at Sentro sa Komunidad

Ligtas ang iyong Sagot

Ligtas ang iyong sagot. Pinapanatiling kumpidensiyal ang iyong personal na impormasyon alinsundo sa batas. Magagamit lamang ang iyong mga sagot para sa mga layuning pang-estadistika. Hindi magagamit ang mga iyon para sa mga layunin na pagpapatupad ng batas o para tukuyin ang iyong personal na kwalipikasyon para sa mga benepisyo ng pamahalaan.

Maaari kang tulungang sumagot ng iyong pamilya.

Available ang online na form ng senso sa wikang Ingles at 12 karagdagang wika. Kung hindi mo ginagamit ang isa sa mga wikang iyon, maaaring kumpletuhin ang form ng ibang tao sa iyong tahanan para sa lahat ng nasa iyong tahanan. Kung hindi ginagamit ng mga nasa hustong gulang ang isa sa mga wikang ito, maaari itong i-translate ng ibang tao para sa iyo. Kasama rito ang bata sa iyong tahanan o isang kaibigan.

Para sa higit na impormasyon, bumisita sa:

2020CENSUS.GOV
COCOCENSUS.ORG

Bilangin Ako

CONTRA COSTA CENSUS 2020